REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**
KALAKHANG MAYNILA

Tanggapan ng Sangguniang Bayan

KAPASIYAHAN BILANG 90-144

KAPASIYAHAN NA TINATANGGAP NG SANGGUNIANG BAYAN NG MUNTINLUPA ANG DONASYON NG GONZALO PUYAT & SONS, INC. ANG ISANG LAGAY NA LUPA SA BARANGAY BULI AT BINIBIGYAN NG KAPANGYARIHAN ANG PUNONG BAYAN MGGL. IGNACIO R. BUNYE NA TANGGAPIN SA NGALAN NG SANGGUNIANG BAYAN ANG NASABING DONASYON AT MGA KONDISYONES NITO.

* * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * *

SAPAGKAT, layunin ng pamahalaang bayan na mabigyan ng maayos na matitirhan at kapaligiran ang mga mamamayan nito sa abot ng kakayanan;

SAPAGKAT, malaking tulong para sa 151 pamilya sa Puyat Compound, Barangay Buli, Muntinlupa at sa pamahalaang bayan ang kabutihang loob ng Gonzalo Puyat & Sons, Inc. sa pagkakaloob ng isang lagay na lupa na pag-aari nito;

SAPAGKAT, ang kaginhawahan at kaunlaran para sa pagkakaroon ng mahusay na pamumuhay ng pamayanan ay pangunahing tungkulin na dapat gampanan ng Pamahalaang Bayan;

NGAYON, DAHIL DITO, ang Sangguniang Bayan ng Muntinlupa ay pinagpasiyahan at muling pinagpasiyahan na gumawa ng Kapasiyahan na tinatanggap ng Sangguniang Bayan ng Muntinlupa ang donasyon ng Gonzalo Puyat & Sons, Inc. ang isang lagay na lupa sa Barangay Buli at binibigyan kapangyarihan ang Punong Bayan Mggl. Ignacio R. Bunye na tanggapin sa ngalan ng Sangguniang Bayan ang nasabing donasyon at mga kondisyones nito.

PINAGTIBAY ng nakararaming kasapi ng Sangguniang Bayan ng Muntinlupa sa kanilang pang 102 pangkaraniwang pulong na ginanap ngayong ika-16 ng Abril 1990.

PINAGTIBAY :

Mggl. IGNACIO R. BUNYE
Punong Bayan/Pangulong Opisyal

PINATOTOHANAN:

Mggl. RAUL R. CORRO
Pambayang Kalihim

- - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - -

Mga Sumang-ayon: Kgg. Tensuan; Kgg. Constantino; Kgg. Martinez; Kgg. Joaquin; Kgg. Mozo; Kgg. Smith at Kgg. Diaz

Mga Hindi Sumang-ayon: Kgg. Chua at Kgg. Niefes